Online na Mga Serbisyong Pang-edukasyon at Aplikasyon, Abiso at Awtorisasyon ng Magulang

Gumagamit ang mga guro ng iba't ibang mga kasangkapan at mapagkukunang pang-edukasyon sa online upang mapahusay ang edukasyon ng ating mga mag-aaral. Ang mga serbisyong ito ay maaring libre o maaring kinontrata ng distrito.

Sa ilalim ng Children's Online Privacy Protection Act (COPPA), ang lahat ng website ay dapat magbigay ng abiso ng magulang at kumuha ng mapapatunayan na pahintulot ng magulang bago mangolekta ng impormasyon sa pagkakakilanlan mula sa mga batang wala pang 13 taong gulang. Ang batas, gayunpaman, ay nagpapahintulot sa paaralan na pumayag para sa magulang kung saan kinokolekta ng isang website o serbisyo ang impormasyong ito mula sa mga mag-aaral para sa paggamit at benepisyo ng paaralan, at para sa walang ibang layuning pangkomersiyo.

Ang mga sumusunod na mga serbisyong ginagamit ng distrito upang maghatid ng nilalaman ng kurikulum o mga aplikasyon ay nangongolekta ng impormasyon para sa iba pang komersiyal na layunin, at nangangailangan ng pahintulot ng magulang o taga-pag-alaga:

- Google Play Store
- YouTube

Ang pahintulot ay ganap na boluntaryo ngunit ang mga mag-aaral na walang pahintulot ay hindi makakalahok sa mga aktibidad na isinasagawa online na gumagamit ng mga serbisyong ito. Ang Anchorage School District ay hindi pinapayagang gumawa ng mga eksepsiyon. Ang mga guro sa silid-aralan ay maaaring magbigay ng mga alternatibong takdang-aralin para sa mga mag-aaral na hindi kasama sa paggamit ng mga online na serbisyong ito.

Sa pamamagitan ng pagpirma sa ibaba:

- Nauunawaan ko na ang ilang mga online na serbisyo ay maaaring mangolekta ng impormasyon sa pagkakakilanlan na nauukol sa aking anak.
- Pinapatunayan ko na ang paaralan ay may pahintulot mula sa akin na ibigay ang impormasyong ito sa pagkakakilanlan sa mga operator ng mga serbisyong pang-edukasyon na nakabatay sa web at mga aplikasyon na nakalista sa itaas.
- Pinapahintulutan ko ang aking anak na gamitin ang mga serbisyong ito para sa mga layuning nauugnay sa paaralan.

Pangalan ng Mag-aaral: Grade

Lagda ng Magulang/Tagapangalaga: Petsa: